


Dumalaw si Walt Whitman sa Filipinas

**Sino ba naman ang
mag-aakalang sisikat si
Walt Whitman?**

Library of Congress, Washington, D.C.



Walt Whitman

Kayâ ni walang pumansin sa gusgusing Americano nang lumabas sa Aduana, kasabay ng ilang negosyante't abenturero, at mahahalagang kargamento mulang America. Treinta y seis anyos, sabi ng dokumento; peryodista, ngunit mukhang walang nakababása sa diyaryong New York kahit sa lipunan ng mga peryodista sa Maynila (na nagsimula nang mag-aral ng Ingles, pagkatapos sakupin ng mga Bombay). Kayâ walang nag-usisa kung bakit siyá náligaw sa Filipinas. (Naghahanap kayâ ng trabaho bílang maestro sa Ingles? Pinagbakasyon ni Emerson?) Ni hindi naireport ng tsismosong At-Chú!! kahit ang pagdalo niya sa piging ni Don Balvino Mauricio sa Binondo. (O bakâ wala naman talaga siyá sa listahan ng mga imbitadong panauhin ng mariwasang negosyante at hinatak lang ng isang nákakilalang Español na gustong sanáyin ang natutuhan niyang Ingles?)

Sabi nga noon pa sa *Diario de Manila*, tinitingala si Don Balvino bílang isang napakagalanteng ginoo, at kasabihan na ang kaniyang bahay, tulad ng kaniyang bayan, ay laging nakabukás ang pinto sa sinuman, huwag lámang may kakompetensiyang komersiyo o kaisipang hindi ipinahihintulot ng Gobyerno at Simbahan.

Nag-imbata rin si Don Balvino ng mga artista sa komedya (iyong iilang paboritong lumabas na prinsesa) at mga pili at bantog na makatang komedyante dahil nais niyang maghanda para sa nalalapit na ika-110 anibersaryo ng itinuturing niyang Hari ng Pagtulang Tagalog—si Jose dela Cruz o Huseng Sisiw. Siyempre,

naroon si Francisco Baltazar, na ipinasundo pa niya sa Udyong, dahil nais niyang hilingin na personal na idirihe ng makata ang *Orosman* at *Zafira* para sa Teatro de Binondo. Naroon din si Rosalio Serrano, Indio Bulaqueño at isang maestro leksikograpo, si Padre Aniceto de la Merced na napabalitang naghahanda ng isang bagong pasyon, ang mga batikang duplerong Tomas Rillo at Bienvenido Laureado ng Lipa, Batangas, at ang grupo ng mga impresaryo sa Tundo at Binondo.

Naalala ng sumulat ng kapisasong ulat na ito na ipinakilála si Walt Whitman ng Español kay Don Balvino, ngunit matapos batiin ay nilayuan ng don dahil ayaw palá nitó ng kalakal na Americano. Napaharap ang Español at ang Americano sa mga makata at komedyante na nag-uusap noon sa *Doce Pares de Francia* at *Ibong Adarna*. “Para kayóng naghambing ng patatim at hamón,” wika ni Laureado. “Parehong baboy pero magkaibá ang putahe. Awit ang isa, korido ang ikalawa.” “Ngunit higit na Filipino ang *Adarna*,” pangaral ni De la Merced at kumompas. “Ha? Hindi ba’t hango lahat ang ating mga salaysay ngayon sa metriko romanse ng Europa,” puna ni Rillo. “Orihinal ang *Florante at Laura*,” sabad ni Serrano.

Naakit si Whitman ng malalakas na boses ng nag-uusap. Parang nása entablado silá! Pinilit ang Español na ipakilála siyá sa grupo, kasunod ang pagmamaláki na kalalathala ng libro niya ng tula. (Ang unang edisyon ng *Leaves of Grass*.) “Sampung edisyon na ang *Florante*,” sabad uli ni Serrano. “At hinahanap pa ng napakarami.”

“Ibig kong bumili ng *Florante*,” wala-sa-loob na sambit ni Whitman. “Dapat mag-aral muna kayó ng Tagalog,” wika ng isang tila nakatatanda, matangkad kaysa karaniwan, at nakabarong sinamay. Napabaling si Whitman. “Francisco Baltazar po, awtor ng *Florante*,” patuloy nitó, sabay tutop sa puso ng kanang palad. “At mag-aral din sana ng sining ng pagtula namin. Sang-ayon sa nabása ko, ibáng-ibá ang tradisyon namin sa inyo.” “Posible nga,” medyo namilipit na tugon ni Whitman. “Ngunit iyon ang nais kong paghimagisan sa aking pagtula.” “Rebelde palá kayó?” pakli ni Baltazar. “Para marinig ninyo,” pahayag ng Americano, “babása ako sa libro ko.” At dinukot sa bulsa ang isang napakanipis na aklat. “I celebrate myself, and sing myself, and what I assume you shall assume, for every atom belonging to me as good belongs to you. I loafe and invite my soul. I lean and loafe at my ease observing a spear of summer grass . . .”

“Tula ba ‘yan?” “Prosa.” “Para s’yang kinakatay na báka!” “Entremetido!”

Napahinto ng pagbigkas si Whitman, tinutop ng isang kamay ang noo, at tumalilis patungong komedor kasunod ang Español. “Hindi ko naintindihan ang marami sa kaniyang sinabi,” pahimakas ni Baltazar sa pangkat. “Ngunit hinahangaan ko ang kaniyang pangahas na kalooban. Isa siyáng makata. Kailangan



“Arts and Sciences” by Vicente Manansala

ng bayan ang pangahas niyang kalooban mula sa ating mga makata.”

Napútol ang ulat sa bahaging ito. May nagsabing nakita itong nakaipit sa mga kuwaderno ng ebidensiya ng *cuerpo de vigilancia* laban kay Don Balvino nang ipatápon ito sa Marianas kasangkot sa motin sa Cavite. May salungguhit pa ang hulíng pangungusap ni Baltazar; at may pahiwatig na isasangkot din siyá sa motin kung hindi namatay sampung taón bago ang pag-aalsa. Sisiklab ang giyera sibil sa Estados Unidos. Magdadaan ang malalagim na lindol at kolera sa Maynila. At sisiklab din ang Himagsikang 1896. Ibinasura ni Retana ang mga kuwaderno noong inihahanay ang *Aparato Bibliografico*. Mabuti’t nailigtas ng basurerong nag-aabang ng ganitong dokumento para ibenta kay Don Panyong. Siyempre, alam na natin ngayong naging dakilang “amá ng malayàng taludturan” si Walt Whitman, at ipinanlaban ang kaniyang tula kay Baltazar ng mga edukado’t amerikanisadong makata sa Filipinas nitóng ika-20 siglo. [Marahil, tama si Retana: Ano ba ang kabuluhan ng ganitong ulat sa kasaysayan natin ngayon? Na bulok pa rin ang Customs tulad noon? Na dapat tularan si Don Balvino ng mga Razon, Villar, Ayala, at Sy? Na may espiya kahit saan? Na maporma ang ating Balagtas? O na hindi na táyo natuto sa epidemya?]

RIO ALMA
16 Abril 2020